



Mga Lider ng Lungsod Kinumpirma ang Bisyon at Panggabay na mga Prinsipyo

Noong Nobyembre 25, 2014, at Pebrero 3, 2015, ang Sangguniang Lungsod (City Council) ay Panggabay na Prinsipyo. Ang Bisyon, na batay sa input ng publiko na natanggap hanggang ngayon, ay naglalarawan ng imahe kung ano ang maaaring magiging Lungsod ng Union 25 taon mula ngayon. Ang Panggabay na Prinsipyo ay nagpapatibay ng sukatan para sa nalalabi ng proseso ng Update ng Pangkalahatang Plano at ng Pangkalahatang Plano mismo. Inilakip ang pahayag ng komprehensibong Pananaw sa pahina 8 ng newsletter na ito.

Mga Dokumentong Ulat ng Kasalukuyang Sitwasyon ng Lungsod ng Union

Upang makapagplano para sa hinaharap, mahalagang mauunawaan natin kung nasaan tayo. Bago mag-umpisa ng trabaho nito sa paggawa ng mga bagong patakaran upang gabayan ang mga desisyon sa hinaharap, ang Lungsod ay kailangang bumuo ng Ulat ng Background ng umiiral na mga sitwasyon. Ang Ulat ng Background ay nilalayan upang kumatawan sa “snapshot” ng kasalukuyang sitwasyon at mga trend sa loob at sa buong lungsod na naka-iimpluwensiya sa pagtubo at pag-unlad. Ang ulat ay nagbibigay ng konteksto ng mga tagagawa ng pasya sa paggawa ng mga pasya sa patakaran, habang ang mga mambabasa ay nakakukuha ng objective na pang-unawa sa lahat ng aspeto ng Lungsod ng Union kabilang ang kondisyon ng ekonomiya, kalusugan ng komunidad, paggamit ng lupain, desinyo ng komunidad, mobility, likas at kultural na mapagkukunan, mga panganib, at pampublikong serbisyo.

Upang mabasa ang Ulat ng Background, bumisita sa www.uc2040.com/documents/



Workshop sa Komunidad #1

Noong Sabado, Setyembre 20, 2014, ang Lungsod ng Union ay nagdaos ng workshop sa komunidad upang magpresenta ng programa sa Update ng Pangkalahatang Plano sa mga residente at mga stakeholder. Ibinahagi ng mga miyembro ng komunidad ang kanilang pananaw para sa hinaharap ng Lungsod ng Union sa susunod na 25 taon at nagbigay ng input sa kung ano ang pinaniniwalaan nilang mga asset ng lungsod, mga isyu, mga oportunidad. Ang input na ibinigay sa workshop ay ginamit upang maghanda sa Ulat ng Mga Asset, Isyu, at Oportunidad (pahina 2) at ang pahayag ng Pananaw (Pahina 8).

Upang makita ang Buod ng Ulat ng Workshop sa Komunidad (Community Workshop Summary Report), bumisita sa www.uc2040.com/meetings/

NASAAN TAYO SA PROSESO?

1. Pagsisimula ng Proyekton
2. Maghanda ng Datos ng Background
3. Tukuyin ang mga Isyu at mga Oportunidad at Kumpirmahin ang Bisyon
4. **Pag-aanalisa ng Alternatibong Paggamit ng Lupain**
5. Maghanda ng Pangkalahatang Plano
6. Pagsusuri ng Kapaligiran
7. Pag-aakma sa Pangkalahatang Plano at Pinal na mga Dokumentong

Sa kasalukuyan nagsisimula na kami sa ika-4 na yugto.

PAPARATING NA MGA PAGPUPULONG

Workshop #2: Mga Gusto sa Piniling Alternatibo

MALAPIT NA



BUMISITA SA WEBSITE NG PROYEKTO:

WWW.UC2040.COM



Ulat ng Mga Asset, Mga Isyu, at Mga Oportunidad

Ang Lungsod ng Union ay may malawak na hanay ng mga asset, ang ilan ay ang mga pinapahalagahan ng residente, ang ilan ay gustong baguhin nila, at ang ilan ay gusto nilang pagandahin. Ang Update ng Pangkalahatang Plano ay makatutulong sa lungsod sa pangangalaga ng lungsod o pagpapaganda sa mga asset na pinapahalagahan ng mga residente, tumutugon sa mga usapin na nangangailangan ng pagbabago, at sinasamantala ang mga magagandang sitwasyon na tanging sa Lungsod ng Union lamang.

Sa pagsisikap na pag-isahin ang mga ideyang ito, naghanda ang lungsod ng Ulat sa Mga Asset, Mga Isyu, at mga oportunidad, na humuhuli sa mga ideya at input mula sa komunidad at nagbubuod sa mahalagang mga tuklas mula sa pananaliksik at pag-aanalisa na isinagawa bilang bahagi ng pagsisikap ng Update ng Pangkalahatang Plano. Ang Ulat ay naglalarawan ng mahahalagang usapin at mga oportunidad na

may malaking mga implikasyon sa polisa dahil kinukunsidera ng Lungsod ng Union kung paano lumago at magbago sa loob ng susunod na 25 taon. Ito ay isinaayos sa mga siyam na paksa, kabilang ang : Pag-unlad ng Ekonomiya at Katatagang Pinansiyal, Paggamit ng Lupain at Pabahay, Inprastruktura at mga Serbisyo, Kalusugan ng Komunidad at Kalidad ng Buhay, Pagka-tumatagal at Pagka-nakakabangon, Bukas na Espasyo at Mga Mapagkukunan, Katangian at Desinyo ng Komunidad, Transportasyon at Mobility, Mga Panganib at Kaligtasan ng Publiko.

Ang newsletter na ito ay nagbubuod ng mga paksa na sinaklaw sa Mga Ulat ng Ari-arian, Mga Isyu at Mga Oportunidad at nagha-highlight ng kawili-wiling mga katotohanan tungkol sa lungsod. Upang mabasa ang tungkol sa lungsod, bumisita sa www.uc2040.com/documents/



Ano ang isang Asset?

Ang isang "Asset" ay isang pinahahalagahang katangian o feature ng komunidad na maaaring pangalagaan ng Lungsod o pagandahin sa pamamagitan ng Pangkalahatang Plano.



Ano ang isang Isyu?

Ang isang "Isyu" ay isang mahalagang di-naaayos na bagay, hamon, o problema na kailangang tugunan sa pamamagitan ng Pangkalahatang Plano.



Ano ang isang Oportunidad?

Ang isang "Oportunidad" ay isang walang katulad, maganda, o kapaki-pakinabang na kondisyon sa komunidad na sinasamantala ng Lungsod sa pamamagitan ng Pangkalahatang Plano.





Pag-unlad ng Ekonomiya at Katatagang Pinansiyal

Mga Asset

- Koneksiyon sa Peninsula at Silicon Valley
- Akses sa transportasyon at mga sistema ng mabuting paggalaw
- Pagiging malapit sa mga unibersidad at kolehiyo

lungsod

- Bakante/lumang mga gusaling industriyal
- Kompetisyon sa mga kapitbahay na lungsod
- Kakulangan ng mga trabahong mataas ang sahod
- Pagiging kompetitibo ng Union Landing
- Leakage sa buwis ng retail sales
- Walang balanse sa trabaho/pabahay
- Mababang kita sa pangkahatang pondo batay sa puhunan
- Kakulangan ng mga maluho at eleganteng bahay

Mga Oportunidad

- Espasyo ng tanggapan
- Mga industriyang mataas ang teknolohiya
- Paglagong industriyal



Alam niyo ba?

Ang sektor ng industriya (manufacturing, konstruksiyon, at distribusyon) ay ang pinakamalaking sektor ng pangengempleyo sa Lungsod ng Union.

Ang pinakamalaking sektor ng inaasahang paglago ng trabaho ay nasa mga sektor ng Kalusugan, Edukasyon, Paglilibang, at Hospitality.

Sa pagitan ng 2015 at 2040, ang lungsod ay magdadagdag ng 3,710 trabaho, ang higit sa kalahati ay pinaplano sa Station District Area (2,500 trabaho).

Ang ibang mga komunidad sa I-880 koridor (Fremont, Newark, at Milpitas) ay nagplano kamakailan ng renobasyon at ekspansiyon ng mga lugar na kanilang pinamimilihan, na naglalagay ng pressure ng kompetisyon sa sektor ng retail ng Lungsod ng Union.

Ang 2014/15 Badget ng Pangkalahatang Pondo ay naglalakip ng \$45 milyon sa kabuuang kita. Gagastahin ng Lungsod ang \$44.7 milyon upang magbigay ng mahalagang mga serbisyo sa publiko.





Panggamit ng Lupain at Pabahay



Alam niyo ba?

Ang Lungsod ng Union ay binubuo ng 12,413 akre, o 19.4 kwadrang milya.

Ang urbanized area ng lungsod, ang kanluran ng Mission Boulevard, ay 42 porsiyento lamang sa kabuuang lugar ng lungsod; ang nalalabi ay bahagi ng Hillside Area.

Ang lungsod ay tinatayang magdadagdag ng mga 13,000 bagong residente, o mga 3,220 bagong sambahayan sa 2040.

Ang lungsod ay may 188.8 akre ng bakanteng lupa na nalalabi upang tumanggap ng bagong paglinang; ang karamihan sa mga ito ay nasa bahagi ng Greater Station District.

Mga Asset

- Station District
- Rehiyonal na lokasyon
- Mga shopping center

Mga Isyu

- Mga hamon na punan, muling gamitin, at muling pagpapaunlad
- Nalilimitahang mga boundary ng lungsod
- Pabahay na sobra ang naninirahan
- Nalulumang housing stock (kabuuang dami ng bahay)
- Tumatandang populasyon

Mga Oportunidad

- Limitadong lupain para sa bagong pag-unlad
- Pagpapatupad ng Plano Bay Area
- Potensiyal na punan, muling gamitin at muling pagpapaunlad



Inprastruktura at mga Serbisyo

Mga Asset

- Pinag-isang mga serbisyo ng munisipyo

Mga Isyu

- Tagtuyot

Mga Oportunidad

- Pagtanim ng mga punong-kahoy at pag-restore ng wetland (Green infrastructure)
- Mga pamamaraan ng Low-impact Development (LID)
- Inprastruktura ng broadband/fiber optic cable



Alam niyo ba?

Kinokontrata ng Lungsod ang Fire Department ng Alameda County upang magbigay ng mga serbisyo ng pagpoprotekta sa sunog sa mga lungsod ng Newark, Dublin, San Leandro at Emeryville.

Ang Water District ng Alameda County ay nag-aalok ng diskwento sa konserbasyon ng tubig at mga programa upang makatulong sa pagtitipid ng tubig, kabilang ang diskwento sa napakahusay na kubeta at washer at mga device sa pag-detect ng tagas.





Kalusugan ng Komunidad at Kalidad ng Buhay

Mga Asset

- Pagkakaiba-iba ng kultura
- Mga de kalidad ng paaralan
- Akses sa transportasyon
- Akses sa mga parke

Mga Isyu

- Mga serbisyo sa kabataan/tin-edger
- Mga pasilidad ng paaralan
- Kalidad ng hangin/hika
- Mga kaugalian sa nakalulusog na pagkain
- Dami ng dropout sa high school
- Gastos sa pamumuhay at mga gastos sa pabahay
- Mga pangangailangan sa pangangalaga ng bata
- Mga lumang pasilidad ng aklatan
- Tumatandang populasyon

Mga Oportunidad

- Pampublikong sining
- Paglalakad at pagbibisikleta
- Nakahandang mga serbisyo sa matatanda at tumatanda
- Mga amenity sa kultura/etniko sa mga parke/mga espasyo ng publiko



Alam niyo ba?

Ang average na inaasahang haba ng buhay sa Lungsod ng Union ay 83.2 taong gulang, na mas mataas kay sa average ng buong county (81.9 taong gulang) at sa average ng buong estado (80.8 taong gulang).

Isa sa sampung estudyante sa New Haven Unified School District ay hindi nakatapos ng high school.

Isa sa limang estudyante sa ika-5, ika-7, at ika-9 na grado ay matataba.

Sa pagitan ng 2009 at 2014, bumaba ang dami ng krimen mula 36.5 hanggang 25.1 krimen bawat 1,000 residente. Ang dami ng krimen sa Lungsod ng Union sa 2-14 ay mas mababa sa dami ng krimen sa Hayward na 36.5 bawat 1,000 residente, ngunit mas mataas kung ihahambing sa lungsod ng Fremont (18.8 bawat 1,000 residente).

Ang bilang ng mga marahas na krimen sa Lungsod ng Union na isinagawa ng kabataan ay bumaba mula 2009, sa nasabing taon sinimulan ng Lungsod ang kanilang Programa sa Pagpigil at Interbensiyon ng Karahasan ng Kabataan (Youth Violence Prevention and Intervention Program). Ang pondo para sa programang ito, sa pamamagitan ng parcel tax ng Kaligtasan ng Publiko (Measure UU), ay itinakda na mag-expire sa 2017.

Ang lahat ng kalapitbahayan ng Lungsod ay nasa loob ng nalalakad na layo sa isang parke.

Pagka-tumatagal at Pagka-nakababangon



Alam niyo ba?

Noong 2010, ginamit ng Lungsod ang Climate Action Plan upang makatulong sa pagpapabawas ng greenhouse gas emissions (GHG) na naglalakip ng layunin ng bawasan ang mga GHG emission ng 20 porsiyento na mababa sa antas ng 2005 sa 2020.

Noong 2005, ang pinakamalaking pinagmumulan ng mga GHG emission sa Lungsod ng Union ay mga enerhiya ng gusaling residensiyal at komersiyal (54 porsiyento), habang ang mga emission ng transportasyon ay bumuo ng humigit-kumulang 37 porsiyento ng mga emission na lokal.

Ang bilang nga labis na maiinit na araw bawat taon ay tinatayang tataas mula sa historic average na 4 sa 2014 hanggang 50 sa 2100.

Mga Asset

- Climate Action Plan
- Mga pamantayan na mahusay sa enerhiya
- Partnership sa Rehiyonal na Pag-aakma

Mga Isyu

- Mga epekto ng climate change i

Mga Oportunidad

- Alternatibong pagpapalabas ng enerhiya
- Pagtitpid ng tubig
- Pagpapalano ng pagka-nakababangon
- Mahusay na pamamaraan ng pagpapaunlad



Bukas na Espasyo at mg Mapagkukunan



Alam niyo ba?

Ang bukas na espasyo ay bumubuo ng halos kalahati ng lupain sa loob ng mga boundary ng lungsod; ang karamihan ay nasa Bahagi ng Gilid ng Burol.

Ang Lungsod ay nagpapatakbo ng higit sa 30 parke na ang kabuuan ay higit sa 136 akre.

May ilang panrehiyong parke na pinangangasiwaan ng Regional Park District ng East Bay na nasa loob ng Lungsod ng Union o sa malapit kabilang ang: Garin/ Dry Creek Pioneer Regional Park; Quarry Lakes Regional Park; at Coyote Hills Regional Park.

Ang Alameda Creek Regional Trail ay lumalawig mula sa Boulevard ng Lungsod ng Union patungo sa Canyon Road malapit sa Niles Canyon.

Mga Asset

- Mga bahagi sa gilid ng burol
- Plano sa Bahagi sa Gilid ng Burol
- Mga parke ng Lungsod
- Mga koridor ng ilog
- Mga look/putikan
- Regional Park District ng East Bay

Mga Isyu

- Mga kakulangan sa akses sa parke at parkland
- Akses sa bukas na espasyo
- Pangunahing mga pasilidad ng parke at pagpaparada

Mga Oportunidad

- San Francisco Bay Trail
- Agrikultura sa Lungsod



Katangian at Desinyo ng Komunidad

Mga Ari-arian

- Makasaysayang mga sentro/kalapitbahayan
- Magagandang bulas na espasyo

Mga Isyu

- Di malinis na mga gateway ng lungsod
- Kakulangan ng mga ugnayan nga kalapitbahayan
- Kakulangan ng central core
- Auto-oriented na uri ng lungsod

Mga Oportunidad

- Nagtataguyod ng connectivity at pagka-nalalakad
- Lumikha ng mga sentro at tawiran ng lungsod
- Ilahok ang larangang pampubliko



Alam niyo ba?

Ang Lungsod ng Union ay nag-umpisa mula sa dalawang naunang paninirahan sa magkabilang bahagi ng bayan: ang bahagi ng Alvarado sa Bay shoreline, at ang bahagi ng Decoto area sa mga rail line sa bahaging silangan.

Ang karamihan sa kaunlaran ay naganap sa loob ng huling limang dekada mula sa inkorporasyon ng Lungsod noong 1959.

Ang Station District Area ay lumilitaw na sentro ng lungsod "town center."





Transportasyon at Mobility

Mga Asset

- Intermodal Station ng Lungsod ng Union
- UC at AC Transit
- BART service
- Mga daanan ng bikes

Isyu

- Masikip na daan
- Diskonektadong mga pasilidad/ruta ng bisikleta
- Kakulangan ng Amtrak station o ACE Train stop
- Akses ng BART station mula sa mga paradahan sa silangan na nasa 11th Street

Mga Oportunidad

- BART extension
- Mga Ebalwasyon ng epekto ng trapiko batay sa VMT
- Kumpletong mga kalye
- Taga-konekta ng Silangan-Kanluran
- Inilaan na mga pasilidad ng bisikleta



Alam niyo ba?

Humigit-kumulang 75 porsiyento ng mga residente ang nagtatrabaho ng mag-isa papunta sa trabaho na may average na oras ng pagbibiyaha na 30.6 minuto

Sa average na weekday, mga 4,000 tao ang gumagamit ng BART station ng Lungsod ng Union, at halos kalahati ng mga iyon ay mga residente ng lungsod

Ang Lungsod ng Union ay may halos 20 milya ng mga daanan ng bisikleta; gayon pa man ang mga biyahe sa bisikleta nabibilang na mas mababa sa 0.5 porsiyento ng lahat ng pagko-commute na biyahe

Ang mga malalaking harang ay naglilimita sa mga biyahe ng silangan/kanluran, kabilang ang Interstate 880 at mga rail line

Mga Panganib at Kaligtasan



Alam niyo ba?

Ang lungsod ay nasa aktibong Hayward Fault at labis na malapit sa panganib ng lindol.

Ang trapiko sa daan ay ang pinakamakabuluhang pinagmumulan ng ingay na nakaaapekto ng mga residente.

Ang yelo sa Sierra Nevada, na nagbibigay ng 80 porsiyento ng tubig ng estado, natitayang magpapababa ng hanggang sa 80 porsiyento bago sa 2100.

Mga Asset

- Paraan ng Pagpapababa ng multi-jurisdictionalng lokal na panganib
- Paraan ng Pang-emergency Operations
- Police Department
- Fire Department
- Kasunduan ng Pagtutulungan

Mga Isyu

- Mga lindol
- Panganib ng baha/pagtaas ng dagat
- Krimen
- Mga panganib na lugar ng basura
- Banta ng wildland/sunog sa lungsod?
- Ingay

Mga Oportunidad

- Pagpapalano ng pagka-nakakabangon ng komunidad
- Pag-iwas ng Krimen sa pamamagitan ng Pangkapaligirang Desinyo

Upang basahin ang kumpletong Ulat ng Mga Asset, Mga Isyu, at Mga Oportunidad, bumisita sa www.uc2040.com/documents/

Komprehensibong Pahayag ng Bisyon: Sa 2040...

Ang Lungsod ng Union ay nasa sentro ng Bay Area at isang rehiyonal na sentro para sa komersiyo, komunidad, at kultura. Ang aming ekonomiya ay malakas at iba-iba at nagbibigay ng mga trabahong mataas ang sahod sa malawak na hanay ng mga lokal na negosyo, mga tanyag na kumpanya, at lumilitaw na mga negosyo. Ang aming mga residente at kalapitbahayan ay ligtas at malusog at ang aming komunidad ay nagmamalaki sa kanilang pagkakaiba-iba at patas na pagtrato sa lahat. Ang Lungsod ng Union ay nagbibigay ng epektibo at mahusay na mga serbisyo sa publiko at matatag sa pananalapi.

Upang mabasa ang buong Bisyon at mga Panggabay na Prinsipyo, bumisita sa: www.uc2040.com/documents/




Sangguniang Lungsod Ginagamit ang Elemento ng Pabahay

Noong Martes, Enero 27, 2015, ang Sangguniang Lungsod ay ginamit ang 2015-2023 Elemento ng Pabahay ng Pangkalahatang Plano. Ang Elemento ng Pabahay ay tumutugon sa mga oportunidad sa pabahay para sa mga residente sa kasalukuyan at hinaharap hanggang 2023 at nagbabalangkas sa mga layunin, patakaran ng Lungsod, at pagpapatupad ng programa para sa preserbasyon, konserbasyon, pagpapaunlad, at produksiyon ng pabahay. Upang makita ang sertipikadong Elemento ng Pabahay, bumisita sa www.uc2040.com.

Manatiling May alam! Makilahok!

Ang proseso ng Pangkalahatang plano ay nagtatakda na ang lahat ng residente at mga negosyo na may pagkakataon na makatulong na gabayan ang hinaharap ng Lungsod ng Union. Ang matagumpay na Pangkalahatang Plano ay maisasalamain sa mga prayoridad ng komunidad, at kinakailangan ang iyong input upang kumpirmahin ang mga pagpapahalaga ng komunidad at pagtibayin ang pananaw nito. Maaaring kakailanganin namin ang maraming boses na aambag sa proseso hangg'at maaaari. Narito ang ilan sa madaling hakbang upang makilahok:


Bisitahin ang website ng proyekto at ang talakayan sa munisipyo

 Ang website ng Pangkalahatang Plano (www.uc2040.com) ay madalas na ina-update ng impormasyon sa status ng proyekto, mga anunsyo ng paparating na mga workshop at pagpupulong, at publikasyon ng mga ulat ng milestone. Kabilang din sa website ang isang interactive na talakayan ng munisipyo na nagpapahintulot sa mga kasapi ng komunidad na magbigay ng input sa mahahalagang puntos sa buong proseso ng Update ng Pangkalahatang Plano.

Mag-sign up para sa email list ng Pangkalahatang Plano

 Bisitahin ang website ng Pangkalahatang Plano sa www.uc2040.com at mag-sign up sa aming email list. Gagamitin ang email list upang magpadala ng mga abiso tungkol sa paparating na mga pagpupulong a mga workshop sa komunidad, mga milestone ng proyekto, at mga dokumento na ipinalabas kamakailan.

Dumalo sa mga workshop ng komunidad

 Ang Lungsod ay magdadaos ng isang serye ng mga workshop sa komunidad sa mga mahahalagang punto sa proseso ng Update ng Pangkalahatang Plano. Ang mga workshop ay magiging lubos na participatory na may mga presentasyon, mga talakayn ng maliit na grupo, at nakaka-engganyo ng isip, hands-on na mga ehersisyo. Ang mga detalye tungkol sa ikalawang workshop ng komunidad, Mga Gusto sa Piniling Alternatibo, ay malapit nang mapapakinabangan.

Makipag-ugnayan sa Kawani ng Lungsod

Kung may mga tanong kayo tungkol sa proseso ng Update ng Pangkalahatang Plano, pakikontak si:

Carmela Campbell, Planning Manager

Telepono: (510) 675-5319

Email: uc2040@unioncity.org